

Badyet 2024 Isang responsableng plano para sa isang lumalagong lalawigan

Pebrero 29, 2024

Ang pamahalaan ng Alberta ay naglabas ng Badyet 2024 - isang maingat na plano sa pananalapi upang palakasin ang pangangalagang pangkalusugan at edukasyon, bumuo ng mga ligtas na komunidad at suportahan ang lumalagong lalawigan.

Ang Badyet 2024 ay nagtatanghal ng tatlo pang mga taon ng balanseng badyet – hindi gumagastos ng mas maraming pera kaysa sa mayroon ang pamahalaan.

At nagtutuon muna ito ng paggastos sa mga pamilya ng Alberta, sa pamamagitan ng pamumuhunan sa kanilang kalusugan, edukasyon, kaligtasan, at paglago at tagumpay ng ekonomiya. Kabilang sa mga prayoridad na pamumuhunan ang:

- **Mga suporta sa kalusugan at pangkaisipang kalusugan:** \$26.2 na bilyon sa mga dolyar ng pagpapatakbo, isang 4.4 na porsyentong pagtaas sa pagtataya para sa 2023-24.
- **Mga suporta sa edukasyon:** \$9.3 bilyon sa mga gastusin sa pagpapatakbo, isang 4.4 na porsyentong pagtaas.
- **Mga panlipunang suporta:** \$2.9 bilyon sa 2024-25 sa mga Albertan sa pamamagitan ng programa ng Tiniyak na Kita para sa may Lubhang Kapansanan (Assured Income for the Severely Handicapped), ang Benepisyong sa mga Nakatatanda ng Alberta (Alberta Seniors Benefit) at iba pang mga programa ng panlipunang suporta, kasama ang \$355 milyon para sa mga pagbabayad sa Benepisyong ng Bata at Pamilya ng Alberta (Alberta Child at Family Benefit).
- **Mga suporta sa manggagawa:** Isang pagtaas ng \$102 milyon sa loob ng tatlong taon upang magdagdag ng 3,200 mga upuan sa silid-aralan ng pag-aaprentis pati na rin ang \$62.4 milyon para palawakin ang edukasyon sa doktor.
- **Mga suporta sa pampublikong kaligtasan:** \$1.2 bilyon para sa Mga Serbisyo ng Pampublikong Kaligtasan at Emerhensiya upang suportahan ang pulisya at mga pangkat ng krisis sa pangkaisipang kalusugan at magtalaga ng mga pulis sa antas ng kalye.
- **Imprastruktura (mga paaralan, mga kalsada, mga ospital):** Sa kabuuan, \$25 bilyon sa loob ng tatlong taon na kapital na pagpopondo upang magtayo ng mga paaralan, mga ospital, mga kalsada at iba pang imprastruktura, na sumusuporta sa 24,000 direktang mga trabaho at 13,000 hindi direktang mga trabaho sa buong lalawigan.

Makakatipid din ang lalawigan ng higit sa \$3 bilyon sa Alberta Heritage Savings Trust Fund, na magtataas ng halaga ng Pondo sa tinatayang \$25 bilyon.



Palabas na **balita**

Sa 2024-25, ang kabuuang kita ay tinatayang \$73.5 bilyon at ang kabuuang gastos ay \$73.2 bilyon.

Mga katanungan sa media

Savannah Johannsen

savannah.johannsen@gov.ab.ca

780-686-3521

Kalihim ng Press, Lupon ng Tesorerya at Pananalapi